Mensahe mula sa San Diego Regional Center
Tungkol sa Mga Serbisyong Respite

Ipinadala ang mensaheng ito upang ipaalam sa ating mga komunidad ng mga county ng San Diego at Imperial ang tungkol sa isang mahalagang pagbabago sa batas (ang pagpapawalang-bisa sa seksyon 4686.5 ng Welfare and Institutions Code). Sa kasalukuyan, ang mga center sa rehiyon ay hindi maaaring kumuha ng mahigit 90 oras sa bawat quarter ng in-home na respite at hindi maaaring kumuha ng mahigit 21 araw ng out-of-home na respite para sa isang pamilya, maliban kung papatawan ng pagbubukod. Simula sa **Enero 1, 2018**, hindi na naaangkop ang mga limitasyong ito sa pagkuha ng mga serbisyong respite.

Dahil sa pagbabagong ito sa batas, babaguhin ng San Diego Regional Center ang mga patakaran nito sa pagkuha ng mga serbisyong respite at magkakaroon ng bisa ang mga ito sa **Enero 1, 2018**.

Ang mga in-home na serbisyong respite ay paminsan-minsan o regular na nakaiskedyul na pansamantalang hindi medikal na pangangalaga at pangangasiwa na ibinibigay sa sariling bahay ng pamilya at idinisenyo upang matulungan ang mga miyembro ng pamilya sa tuluy-tuloy na mabigat na responsibilidad na pag-aalaga para sa isang kliyente; alalayan ang mga miyembro ng pamilya sa pag-aaruga sa kliyente sa bahay; magbigay ng naaangkop na pangangalaga at pangangasiwa upang maprotektahan ang kaligtasan ng kliyente kapag wala ang mga miyembro ng pamilya; at, matugunan ang mga pangunahing pangangailangan sa pagpapahusay ng sarili ng kliyente at iba pang mga aktibidad sa pang-araw-araw na pamumuhay, kasama na ang pakikipag-ugnayan, pakikisalamuha, at pagpapatuloy ng mga karaniwang gawain sa pang-araw-araw na karaniwang ginagawa ng mga miyembro ng pamilya.

Ang pangkat ng pagpaplano ang nagpapasya tungkol sa mga serbisyong respite bilang bahagi ng mga talakayan sa Plano sa Programa ng Indibidwal. Kung interesado kayo sa mga serbisyong respite, mangyaring makipag-ugnayan sa inyong service coordinator ng San Diego Regional Center para sa higit pang impormasyon.